Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-30 NG ENERO, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:10 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | . . . . . . . . . . . . | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | . . . . . . . . . . . . | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Purita P. Sarmiento | . . . . . . . . . . . . | Kagawad<br>Nasa lakad opisyal |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | . . . . . . . . . . . . | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 020-T'2002

*KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KGG. EDGARDO J. ANGARA, SENADOR NG BANSA, NA MAPAGKALOOBAN ANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NG HALAGANG LIMANG MILYONG PISO (P5,000,000.00) PARA SA PAGPAPAPAGAWA NG FARM-TO-MARKET ROADS SA MGA BARANGAY BAGUMBAYAN, PATIMBAO, CALLIOS, GATID, PAGSAWITAN, BUBUKAL, DUHAT, PALASAN, LABUIN AT SANTISIMA CRUZ NA LAHAT SA BAYANG ITO.*

*SAPAGKA'T,* matapat na hangarin ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna na maiayos ang mga pagawaing makatutugon sa pagpapaunlad ng pananakahan sa bayang ito;

*SAPAGKA'T,* malaking bahagi ng lupang sakop ng bayang ito ay lupang pansakahan;

*SAPAGKA'T,* kulang sa mga daan patungo sa pamilihan upang hakutin at dalhin ang mga kalakal o inani mula sa mga sakahan;

*SAPAGKA'T,* walang sapat na pondo ang pamahalang bayan upang makapagpagawa ng farm-to-market roads;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na mapitagang hilingin sa Kgg. Edgardo J. Angara, Senador ng Bansa, na mapagkalooban ang bayan ng Santa Cruz, Laguna ng halagang P5,000,000.00 para sa pagpapapagawa ng Farm-to-Market RoadS sa mga Barangay Bagumbayan, Patimbao, Callios, Gatid, Pagsawitan, Bubukal, Duhat, Palasan, Labuin at Santisima Cruz na lahat sa bayang ito.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Edgardo J. Angara, *Senador ng Bansa, Lungsod ng Pasay; Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet,* Pambayang Inhinyero, Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. FLORENCIO C. ODEJAR
Kagawad
*Gumanap na Tagapangulo*

PINAGTIBAY: KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan